

クレジットカードで水道料金・下水道使用料をお支払いいただけるようになります (タガログ語)

Maari nang bayaran ang singil para sa serbisyo ng tubig at upa sa alkantariya gamit ang credit card.

Simula Hunyo 2015, matapos ang inspeksyon ay maari na ninyong bayaran ang singil para sa serbisyo ng tubig gayundin ang upa sa alkantariya gamit ang inyong credit card.

Bago magamit ang serbisyo ng ito, ang impormasyon ng credit card ng konsumidor ay kailangan munang irehistro sa portal site ng "Yahoo! Public Money Payment" na nasa ilalim ng pangangasiwa ng Yahoo Japan Corp. Matapos ang proseso ng rehistrasyon, ang credit card ay maari nang gamitin upang patuloy na bayaran ang mga nabanggit na singil na tulad ng ginagawa sa pagpapadala ng pera sa akaunt. Ang rehistrasyon ay maaring isagawa anumang oras, sa pamamagitan ng PC at smartphone na mayroong serbisyo ng Internet.

- Simula ng pagtanggap
Tanghali ng ika-1 ng Abril (Miyerkules), 2015

- Halagang maaring tanggapin
Paniningil para sa serbisyo ng tubig at upa sa alkantariya ng kustomer, at may kontrata ang kustomer sa Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi at diameter ng water meter ng kustomer ay 13mm,20mm,25mm lang.
Gayunpaman, bagamat pareho sa mga halagang nabanggit ang diyametro ng ginagamit, hindi ito tatanggapin kung ang serbisyo ay ginagamit para sa marino, pampublikong paliguan, at pansamantalang negosyo.

- Simula ng pagbabayad
Mula sa oras ng inspeksyon sa Hunyo 2015

- Halagang maaring bayaran
Isang bayaran na nagkakahalaga ng hindi hihigit sa 50,000 yen

- Singil para sa pag-asikaso ng bayad
Libre (Ang gastusin para sa koneksyon sa Internet at packet communication charge ay babayaran ng konsumidor.)

- Paraan ng Aplikasyon
Pumunta sa portal site ng "Yahoo! Public Money Payment" ng Yahoo Japan Corp. at piliin ang "Yokkaichi-shi, Mie", piliin ang "Serbisyo ng tubig, Bayad" mula sa sumusunod na Uniform Resource Locator.

クレジットカードで水道料金・下水道使用料をお支払いいただけるようになります (タガログ語)

Koneksyon sa Internet ng PC at smartphone <http://koukin.yahoo.co.jp/>



公金支払い

検索



※Ang homepage ay nasusulat sa wikang Hapon.

○ Mga kailangang ihanda para sa aplikasyon

1 "Ulat ng dami ng tubig na kinokonsumo " o "abiso ng paniningil para sa serbisyo ng tubig at upa sa alkantarilya" na mula sa Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi na naisyu matapos ang buwan ng April, 2015

*Kailangang kumpirmahin ang “numero ng konsumidor” gayundin ang “numero ng kumpirmasyon” na nakasaad sa mga ito sa panahon ng aplikasyon. Ang mga numerong ito ay makikita sa abiso ng paniningil na naisyu ng buwan ng Abril 2015.

[Ito ang sample ng "ulat ng dami ng tubig na kinokonsumo".](#)

[Ito ang sample ng “abiso ng paniningil para sa serbisyo ng tubig at upa sa alkantarilya”.](#)

2 Mga credit card sa ilalim ng pandaigdig na tatak ng Visa, MasterCard, JCB, AMERICAN EXPRESS at Diners Club (mga credit card na mayroon ng mga sumusunod na logo)



○ Iba pa

- Ang pagbabayad sa pamamagitan ng credit card ay hindi maaring gawin sa pamamagitan ng pagdadala ng abiso ng paniningil at personal na pagbabayad sa mga tanggapan.
- Ang aplikasyon para sa pagbabayad gamit ang credit card ay isang beses lamang kailangang gawin, at ito ay patuloy na gagamitin bilang paraan ng pagbabayad hangga't hindi kinakansela ang serbisyo ng pagbabayad gamit ang credit card.
- Ano ang kailangang gawin ng konsumidor matapos ma-access ang "Yahoo! public money payment"? Sa panahon ng aplikasyon, basahin nang maigi ang mga abiso, babala, kontrata, at iba pa na makikita sa screen ng portal site. Ang konsumidor ang may pananagutan sa isasagawang aplikasyon. Dagdag pa rito, hindi maaring mag-aplay nang may mga dokumento.
- Ang “numero ng konsumidor” at “numero ng kumpirmasyon” ay hindi maaring ibigay sa pamamagitan pagtawag sa telepono ng Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi. Ang

クレジットカードで水道料金・下水道使用料をお支払いいただけるようになります (タガログ語)

impormasyon tungkol sa inyong credit card tulad ng kumpanya ng credit card, numero ng credit card, at iba pa ay hindi rin hihingin mula sa inyo ng mga tauhan ng Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi sa dahilang ang proseso ng rehistrasyon para sa serbisyong ito ay hindi isinasagawa sa aming tanggapan.

- Kapag ang isang bayaran ay nagkakahalaga ng mahigit sa 50,000 yen, hindi ito maaring bayaran gamit ang credit card. Sa halip, kayo ay makakatanggap ng abiso ng paniningil para sa kabuuang halaga at ito ay inyong babayaran sa anumang convenience store, bangko, o tanggapan ng Kawanihan. Higit sa rito, kung ang isang bayaran ay nagkakahalaga ng mahigit sa 300,000 yen, hindi ito maaring bayaran sa mga convenience stores, at maari lamang itong bayaran sa mga bangko o sa tanggapan ng Kawanihan.
- Hindi kayo makakatanggap ng resibo mula sa Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi, ang halagang binayaran ay makikita sa dokumento ng kuwenta na ipapadala ng kumpanya ng inyong credit card. Higit sa rito, kung kailangan ninyo ng katibayan para sa deklarasyon sa buwis, maari kayong humingi ng katibayan ng pagbabayad mula sa customer center ng Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi (tumawag sa numero ng telepono: 059-354-8356).
- Tulad ng dati, maari pa rin magbayad sa pamamagitan ng pagpapadala ng pera sa akaunt at personal na pagbabayad sa pamamagitan ng abiso ng paniningil.

<Para sa mga katanungan>

Kawanihan ng Suplay ng Tubig ng Lungsod ng Yokkaichi Customer center Hanggang sa seksyon para sa pagbabayad (tumawag sa numero ng telepono: 059-354-8359).